



ADVOCATE HEALTH

Abiso sa Hindi Pandiskrimina sa Paghahatid ng Serbisyo

Sumusunod ang Advocate Aurora Health sa lahat ng naaangkop na batas ng Estado at Pederal na Pamahalaan ukol sa Mga Karapatang Sibil. Walang tao ang ibubukod para hindi makalahok, tatanggihan ng mga benepisyo, o kung hindi man ay ipapasailalim sa diskriminasyon sa anumang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan o lipi, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng gender, relihiyon, paniniwala o kaugnayan sa politika, katayuan sa utos sa proteksyon, katayuan sa militar, kapansanan sa katawan o pag-iisip o kaugnayan sa taong may kapansanan, katayuan sa kasal, o pagbubuntis. Sinasaklaw ng patakarang ito ang pagiging kwalipikado para sa pag-access sa paghahatid ng serbisyo at paggamot sa lahat ng programa at aktibidad ng Advocate Aurora Health.

Ginagawa ng Advocate Aurora Health ang mga sumusunod:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para matulungan silang makipag-ugnayan nang maayos, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
 - Mga nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing ginagamit na wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika
- Hindi nangangailangan sa mga indibidwal na umasa sa mga menor de edad na anak, kamag-anak, o kaibigan para magbigay ng interpretasyon

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito sa isang lokasyon ng Advocate Aurora Health, mag-abiso sa kinatawan ng pasilidad.

Paano Maghain ng Reklamo sa Paghahatid ng Serbisyo

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Advocate Aurora Health ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, kasarian, sekswal na oryentasyon, o pagkakakilanlan ng gender, hinihikayat kang maghain kaagad ng karaingan sa:

Civil Rights Coordinator
750 W. Virginia Street, Milwaukee, WI 53204
Telepono: 1.888.568.6845
Email: CivilRights@aah.org

Puwede kang maghain ng karaingan sa personal, sa pamamagitan ng mail, o email. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng karaingan, available ang Kinatawan ng Mga Pakikipag-ugnayan sa Pasyente o ang Tagapagsaayos ng Mga Karapatang Sibil para tumulong sa iyo.

Puwede ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) ng Estado o Pederal na Pamahalaan. Maaaring ihain ang mga reklamo sa elektronikong paraan, sa pamamagitan ng mail, o sa pamamagitan ng telepono.

Illinois Department of Human Rights
James R. Thompson Center
100 W. Randolph Street, 10th Floor – Intake Unit
Chicago, IL 60601
Kung Pasalita: 312.814.6200,
TDD: 866.740.3952

Wisconsin Department of Health Services
Office of Civil Rights Compliance
One West Wilson St, Room 651
P.O. Box 7850, Madison, WI 53707-7850
Kung Pasalita: 608.266.1258, TTY: 800.947.3529
Fax: 608.267.1434, DHSCRC@dhs.wisconsin.gov

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
Kung Pasalita: 800.368.1019, TDD: 800.537.7697
<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>